
Philippine Council for Agriculture and Fisheries

Volume 2 Issue No. 3

# MGA DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA AVIAN INFLUENZA




## ANO ANG **AVIAN INFLUENZA** (AI) ?



Isang nakahahawang sakit na dulot ng virus na mula sa mga manok at iba pang uri ng ibon kasama ang mga ligaw na ibon (wild birds) at ibong dayo (migratory birds).

**Mayroong iba't-ibang AI virus strains na hinahati sa dalawang uri ayon sa kalubhaan ng sakit:**



Mababang uri ng impeksyon



Mataas na uri ng impkesyon

## PAANO MAAAGAPAN ANG PAGKALAT NG VIRUS?



Ang pinakamabilis na paraan upang maagapan ang pagkalat ng sakit ay mawala ang mga maaaring mahawang manok at iba pang uri ng ibon sa paligid ng farm na may sakit. Ito ang dahilan kung kaya pinapatay ang mga may sakit at nakapaligid dito.

## NAKAKAHAWA BA ANG AI SA TAO?



Maaaring mahawa ang tao kapag humawak o may malapitang pakikipag-ugnay sa mga manok at iba pang ibon na may avian influenza. Laging sundin ang mga patnubay sa tamang pag-iwas sa sakit.

## LIGTAS BANG KUMAIN NG MANOK AT ITLOG?



Ang mga manok at itlog na maayos na niluto ay ligtas na kainin ng tao.

Ang **National Meat Inspection Service** at **Bureau of Animal Industry**

ay sinusuring mabuti ang mga manok at itlog sa mga pamilihan, kaya ang mga ito ay ligtas kainin.

# GABAY PARA SA MAGMAMANOK AT NAG-AALAGA NG IBA PANG URI NG IBON

**Ipatupad ang mahigpit na alituntunin sa pagpasok ng tao, hayop, kagamitan, at sasakyan sa loob ng farm**

Limitahan ang bilang ng bumibisita sa loob ng farm.

Huwag hayaang gumala o makalapit ang mga ligaw na ibon at iba pang uri ng hayop sa mga alaga.

Sugpuin at iwasan ang pagdami ng langaw at mga daga sa kapaligiran.

Ugaliin ang regular at patuloy na paggamit ng disinfectant sa loob at labas ng bahay ng manok, mga gamit sa pag-aalaga at kapaligiran.

Huwag magpapahiram ng mga gamit sa ibang farm o nag-aalaga ng manok

Magpalit ng kasuotan at sapatos na ginagamit sa labas ng farm bago pumasok at magtrabaho sa loob ng farm

Kung ikaw ay nagpaplanong magsimula ng isang farm, siguraduhing ito ay may isang kilometrong layo mula sa ibang farm

**Iwasan ang sama-samang pag-aalaga ng itik, pato, o bibi kasama ng manok, pugo at iba pang uri ng hayop**

**Huwag magpapastol ng itik, bibi, pato, o manok sa mga lugar na pinagtitirhan ng mga ibong dayo tulad ng latian, sapa, o lawa**

**Ugaliing magsabon at maghugas ng kamay tuwing lalapit o hahawak ng mga alaga at bago umalis ng farm**

**Kaagad na ipagbigay alam sa Kagawaran ng Agrikultura o tanggapan ng beterinaryo sa inyong bayan kung mayroong biglaang pagtaas ng pagkamatay ng mga alagang manok**

**Kung may katanungan, tumawag lamang sa Animal Health and Welfare Division ng Bureau of Animal Industry sa mga numerong ito: +639951329339**

SOURCES:
**Philippine College of Poultry Practicioners, Inc.**
**Bureau of Animal Indsutry**